# NAKITA KO ANG PANGINOON

A Lord's Flock General Assembly Topic
By: Fr. Peter Tieng, LRS
Agosto 25, 2023

Nagpunta si Maria Magdalena sa mga disipulo na may dalang balita, "Nakita ko ang Panginoon" (Juan 20:18). Ang kanyang pagpapatotoo sa muling Pagkabuhay ay naging dahilan para tawagin siyang unang ebanghelista. Nagpa-iwan siya para mahanap si Kristo at tanging siya ang nakakita kay Kristo dahil sa kanyang pagtitiyaga sa pananampalataya. Tulad din sila ng mga unang Kristiyano na nagpatotoo para kay Hesukristo sa pamamagitan ng pagbabago ng kanilang buhay, mga kawanggawa, katapatan at pagkamartir. Tulad nila, tinawag tayo upang ipahayag ang Muling Pagkabuhay. Hingin natin ang biyayang tuwa at galak sa pagkaalam na si Hesus ay buhay. Hayaan nating gamitin tayo ng Panginoon upang magpatotoo sa pamamagitan ng ating mga karanasan sa pag-ibig at awa ni Hesukristo.

**1.Paano ipinakita ng mga Kristyano noon ang pagbabago ng kanilang buhay?**

1.1. **Sa pamamagitan ng kawanggawa at mga turo**. Ang pang-aalipin, bahagi ng pamumuhay ng mga Romano, ay nagpababa sa sarili ng tao. Wala silang awa sa pagpapatupad ng batas upang manatili ang kanilang mga alipin sa ilalim ng kanilang kapangyarihan. Sa kabilang banda, itinuring ng mga unang Kristiyano ang mga alipin na kanilang mga kapatid at iginalang ang kanilang dignidad bilang tao. Pangalawa, nagpapakasal sila hindi dahil sa pag-ibig. Ipinagkakasundo ng mga magulang ang kanilang mga anak (edad 13 para sa mga babae at 20 sa mga lalaki). Kaya, nagbubunga ito ng pagtataksil, pagpapalaglag, at pag-aabandona sa pamilya.

1.2**. Sa pamamagitan ng katapatan, buhay na walang asawa at kalinisang-puri.** Ang mga Romano ay hindi naniniwalang mabubuhay sila ng walang kahalayan; dagdag pa nito, ama lamang ang may karapatang magdesisyon. Sa kabaligtaran, ang mga Kristiyano ay naniniwala na nilikha ng Diyos ang mga lalaki para sa kanilang mga asawa; kaya nanatili silang tapat. Itinaas nito ang dignidad ng kababaihan at pag-aasawa.

1.3. **Sa pagiging Kristiyanong martir.**
Ang Kristiyanismo noong panahon ng mga Romano ay itinuturing na krimen. Sila ay ipinapako sa krus, sinusunog o ipinapakain sa mga leon. Gayunpaman, masaya silang namamatay sa pagnanais na makasama at makita si Hesus. Masaya silang nagpupuri sa Diyos at humihingi ng kapatawaran sa mga taong papatay sa kanila. Lumaganap at lalong lumakas ang Kristiyanismo.

2**. Paano tayo magpatotoo sa Diyos ngayon?**

2.1. **Isabuhay nang tapat ang ating bokasyon.** Lahat ng tawag ay nangangailangan ng katapatan. Sa pag-aasawa, maging tapat sa kasal at pamilya. Sa hindi pag-aasawa, nangangailangan ito ng katapatan sa kaharian ng Diyos at sa misyon ni Hesus. Ipanalangin din ang mga kaparian na manatiling tapat sa sinumpaang di mag-aasawa.

**2.2. Dagdagan ang kawanggawa para sa mga nangangailangan**. Iwasan ang kawalang-pagpapahalaga (ayaw makisama). Huwag maging manhid sa pangangailangan ng iba.

2.3. Maging tapat sa Eukaristiya. Ito ang tuktok at pinagmumulan ng ating lakas upang maging mga saksi para sa Panginoon.

**Konklusyon:**

Ang Kristiyanismo, bilang isang pamumuhay ay nangangahulugan ng pagsunod, pagtanggap at pamumuhay ayon sa kapangyarihang ibinigay kay Hesus, "Kayo ay mapuspos ng Espiritu Santo, kayo ay magiging saksi ko sa Jerusalem, Judea at Samaria, at hanggang sa dulo ng daigdig" (Mga Gawa 1:8). Kaya naman manalangin para sa isa't-isa at magsikap na sabihin sa ibang tao na "Nakita ko ang Panginoon sa pamamagitan mo."

**Pagninilay:**

1.Ano ang kaugnayan ng kasabihang "Nakita ko ang Panginoon" sa iyong buhay?
2. Anong mga aksyon ang gagawin mo para magpatotoo ka para sa Panginoon?
3. Paano mo mababago ang iyong buhay at maimpluwensyahan ang iba?

**Isinalin ni:** Sis. Thess P.Sarmiento
**Na-edit ni :** Sis Nida Cruz
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/reading/digests
Tags:#Pagpatotoo,#Katapatan